

1

Puno ng pananabik at antisipasyon si Kathrina habang iniempake ang ilang bihisang damit na dadalhin niya sa Sta. Ana—and from there, to a quaint little island kilometers away from the mainland of Cagayan Valley. Sa Isla Bienna.

Huling taon niya noon sa sekondarya nang imbitahin siya ng kanyang mga kaibigan para magbakasyon sa maliit na islang iyon. And it was love at first sight. It was an idyllic scene embedded on her memory, burning brightly—sa kabila ng mga taong lumipas. At isinumpa niyang babalik siya roon balang-araw.

Doon niya sisimulang tumayo sa kanyang sariling mga paa... at doon niya balak alagaan ang pinakamamahal na ama sakaling dumating ang panahong magsawa ito sa serbisyo-publiko. Ang tatay niyang si Alejandro Patriarca ay dalawang termino nang senador ng Pilipinas.

Ayon sa mga kaibigan niya, marami nang nagbago sa Isla Bienna sa loob ng mga taong lumipas. Nagsimula ang mga iyon noong ibenta sa isang British hotelier ang halos kabuuan ng isla na pag-

aari ng mga Saavedra. That portion of land and its surrounding waters had been turned into a five-star island hotel and water-sports resort, catering mostly to foreigners. *Montcalme Grand* was a one-stop adventure destination.

The industry brought economic progress to the island. Pero binulabog din niyon ang katahimikan at natural na kagandahan ng isla. At iyon ang pinakaiwas-iwasan ng pamilya ng mga kaibigan niya. Tinanggihan ng mga ito ang paulit-ulit na alok ng hotel na bilhin ang may ekta-ektaryang lupain at dagat na sakop ng *Vista Verde*. Doon tumakbo ang ilang pamilyang nawalan ng matitirhan nang ipagbili ang lupang kinatitirikan ng bahay ng mga ito.

It was an ideal sanctuary. Nasa dulong hilaga at nahihwalay ang *Vista Verde* mula sa sentro at pinakamalaking bahagi ng isla.

Ayon pa kay Ingrid, nang maging operational ang *Montcalme Grand*, binakuran ng pamilya nito ang *Vista Verde* mula sa kabuuan ng isla at sa mga turistang bumibisita roon—cutting it further from the rest of Isla Bienna; and closed to anyone not native to the island.

Ngunit nang dapuan ng kanser sa dugo si Tito Armando, ang ama nina Astrid at Ingrid, napilitang

isanla ng pamilya sa bangko ang *Vista Verde* upang maipagamot ito sa Amerika. Nagawa pang maagapan ang sakit nito, ngunit hindi na nagawang isalba ang property. Wala nang ibang pagpipilian ang pamilya Gallegos kundi isuko iyon sa isang buyer bago pa iyon tuluyang maangkin ng bangko at ipasubasta. Siya ang inalok ng mga ito dahil alam ng mga kaibigan ang pagkabighani niya sa ganda ng isla. Alam ng mga ito na iingatan niya iyon at aalagaan.

Pagkatapos magpaalam ni Astrid, tinawagan niya ang kanyang abogado, na siyang namamahala ng financial affairs niya, upang bigyan ito ng go-signal na ihanda ang transfer ng perang ipinamana sa kanya ng namayapang abuelo sa bank account ni Tito Armando. Matapos iyon ay nagmamadali na siyang tumulak sa biyahe.

Gabi na nang makarating siya sa maliit na pantalan ng Sta. Ana. Naglakad lang siya papunta roon. Laking pasasalamat niya nang hindi tinanggihan ng officer on-duty ang pakiusap niyang igarahe sa motorpool ng police station ang kanyang sasakyan sa loob ng dalawang araw. It was one of her perks as the only daughter of Sen. Patriarca.

Ngunit punung-puno na ang huling bangka sa araw na iyon nang marating niya ang daungan.

Ginabi pa rin siya kahit na maaga siyang bumiyaha.

Feeling light-headed with the onslaught of hunger, exhaustion and dismay, she stared out into the vast ocean. Pakiwari niya ay hindi lang ang paligid niya ang dumidilim.

“Ayos ka lang ba, Ineng?” usisa ng mangingisda na napagtanungan niya kanina.

“O-o-ho.”

“Ang mabuti pa’y dito ka na magpalipas ng magdamag sa bayan. Bukod sa wala nang biyahe papuntang Isla Bienna, mukhang kailangan mo na ring magpahinga. Namumutla ka na.”

“Kailangan ko pong makarating ng *Vista Verde* ngayon,” iling niya kahit na pakiwari niya ay bigla siyang mabubuway sa kinatatayuan. “Baka naman ho may alam kayong ibang paraan, Manong.”

The old man looked as though he wanted to argue, but a few seconds of staring into her steely eyes, hindi na ito sumubok. “Sigurado ka bang talaga?”

“Opo,” matigas niyang sagot sa kabila ng nanlalambot na tuhod.

“Sinasabi ko sa ’yo, di mapakali ang alon pag

ganitong may kalakasan ang hangin. Baka di mo kayaning tumawid ng dagat sa ganyang lagay. Sa putla mong iyan—”

“Okay na ho ako. Pakiusap po, tulungan ninyo ako.”

“O, s’ya...” sumusukong anito. “Papalaot ako ngayon. Madadaanan ko ang isla. Ang mabuti pa, sumabay ka na sa akin.”

“Salamat ho!” Nasisiyahang ginagap niya ang palad ng matanda.

“Wala iyon. Isa pa, bukod sa iyo mayroon pa akong isa pang pasaherong tulad mo’y apurado ring makarating ng Bienna. Naroon siya, naghihintay sa may bangka ko. Pagkatapos mo akong tanungin kanina, siya naman ang lumapit sa akin. Hindi na siya nagbaka-sakaling umabot sa huling biyahe tulad mo at nakiusap na lang kung puwede siyang makisakay sa akin,” kuwento nito. “Nag-aalangan lang akong isakay ka dahil baka ’ika ko tuluyan kang mahilo sa laot. Talaga kasing namumutla ka na.”

“Medyo maayos na ho ako. Pinanghinaan lang ako kanina kasi akala ko hindi ako makakarating ng *Vista Verde* ngayong gabi.”

“Siya... tena’t nang makarating ka agad sa isla’t

makapagpahinga.”

Bahagyang uminog ang mundo niya sa unang hakbang pasunod dito. Kailangan na talaga niyang kumain at magpahinga. Nang marating nila ang bangka, wala roon ang sinabi nitong kasabay niyang pasahero.

“Nas’an na ba ang isang iyon?” palinga-lingang anito. “Mauna ka nang sumakay,” baling nito sa kanya. “Pagpasensyahan mo na’t amoy-malansa itong bangka ko.”

“Wala hong problema,” she assured. Kathrina Patriarca might be an heiress, but she was not in the least bit delicate—unlike most of her breed. Iyon ang isang benepisyo ng pagpapalaki ng kanyang ina, na anak ng isang magbubukid.

“Sige, sumampa ka na. Ikaw na muna ang maghintay dito sa kasama mo’t kukunin ko lang ang babaunin kong pagkain sa laot.”

Inilagay niya sa bangka ang kanyang bag. Nang magkaroon ng kumpiyansang kaya siyang suportahan ng kanyang nanlalambot na mga tuhod, sinubukan niyang sumampa sa bangka.

Napatili si Kathrina nang dumulas ang kanang paa niya. Pero bago tuluyang mabasag ang mukha

niya sa matigas na gilid, may pumulupot sa kanyang katawan mula sa likuran at pinigilan ang kanyang pagbagsak.

Tendrils of current coursed through her when she turned to see her savior. It was a man—a man of colossal size and hard, unforgiving body. Hindi naging hadlang ang kadiliman sa mga mata ni Kathrina upang makita ang mukha nito, and it only took her the space of three heartbeats to decide that he was the most beautiful man she had ever seen. The realization sent her heart into overdrive.

Salungat sa malalakas na tibok ng puso niya ay ang unti-unting paghina ng kanyang katawan hanggang sa muling sumuko ang mga tuhod niya at nagsimula siyang dumausdos. Humigpit ang pagkakahapit ng lalaki sa katawan niya. Noon niya napansin kung saan ito nakahawak. Lumipad ang tingin niya mula sa guwapo nitong mukha papunta sa braso nitong nakapaikot sa torso niya—his palm snugly cupping one of her breasts!

Tila kidlat ang sensasyong dumaloy sa kanyang katawan. Nanginginig na nilingon niyang muli ang lalaki. Pilyo ang ngiting nakapagkit sa mga labi nito, na lalong ipinagwala ng kanyang puso. Namumulang nagkumahog siyang makaalis sa pagkakahulong sa

braso nito.

“Easy,” anitong inayos ang pagkakatayo niya at saka siya pinakawalan. Na bago nito ginawa ay banayad munang pinisil ang umbok na kubkob ng palad nito.

And then, as though he couldn’t help it, he rubbed the center of his palm very briefly against her nipple—na sa pagkagilalas niya ay nanigas bilang pagtugon sa mapangahas nitong haplos.

Parang lobong binomba ng helium sa gaan ang ulo niya. Wala pa naman ding padding ang suot niyang silk-bra! Kathrina was certain he had felt her body’s lusty response as surely as she had!

“A small token of gratitude,” the man grinned wickedly when she rounded on him indignantly, “for saving you from falling.”

Aba’t—how dare he! hiyaw ng utak ni Kathrina. Ngunit imbis na mag-amok, kalmado niya itong nginitian. Nanghahalina. Nang-aakit. Malandi. This urban-bred, chauvinist pig thought he could cup her a feel and get away with that pretty face of his, didn’t he?

“Actually,” aniyang sinadyang idikit ang katawan sa katawan nito; ignoring the rivers of current that

crackled between them, “I’m prepared to give you more than just a small token.”

Lumapad ang ngisi nito. “And what might that be, Kitten?”

“This.” Umigkas ang kanang palad niya.

Pero mukhang inasahan iyon ng lalaki. Walang kahirap-hirap nitong nasalo ang galang-galangan niya. “I called you ‘*kitten*’ for a reason, Kitten,” balewalang imporma nito sa kanya. “One look at you and I knew, you had a disposition of a cat, or—”

Umigkas ang kabila niyang kamay, balak sanang kalmutin ang nakangisi nitong mukha. But that too, he caught with a lazy ease.

“—a tigress, perhaps.”

“Bitiwan mo ’ko, you pervert!” utos niya. Nang hindi siya nito binitiwan, sinubukan niyang abutin ang kahit anong parte ng katawan nito. “Siguraduhin mong mahigpit ang pagkakahawak mo sa mga kamay ko. Oras na makawala ako, God help me, I will scratch your eyes out!” singhal niya, pinipilit isakatuparan ang pagbabanta. Nagtagumpay siya, ngunit halos dumikit lang ang mga kuko niya sa leeg ng lalaki.

“Ah, so the kitten has claws. I wonder...”

He smiled calmly, adding fuel to her rage. It was frustrating beyond belief that she was exerting every ounce of strength she possessed while he was resisting her struggles like a cat with a baby bird. “Do you purr, too?”

“Wha...?” Nahulog sa singhap ang tanong niya nang walang-babalang dinala nito sa labi ang kanyang kamay at hinalikan iyon.

Ang kamay na dapat sana ay sinamantala ang lapit ng mukha nito sa kanyang mga kuko ay biglang nawalan ng lakas nang makita niyang bumuka ang bibig nito at taluntunin ng dila nito ang maselang ugat sa kanyang galang-galangan.

“Oh...” hindi niya mapigilang anas.

The man smiled. “Not quite purring... but close.”

The arrogance and satisfaction in his voice quelled the delicious sensation of his caress. Bumalik ang indignasyon ni Kathrina, kasama ang kanyang lakas.

Her hands might be tied... but not her knees. Umigkas ang isa sa mga iyon, hitting the target pointblank. The stranger, who had taken far too many liberties with her in a span of two minutes, doubled over in pain.

Body, Heart And Soul - Arianne Cole

“That’s to teach you that kittens don’t always fight with their claws... particularly *this* kitten.”

2

“What happened to you?” bulalas ng papalapit na si Charity nang mamataan siyang iika-ikang lumapit sa reception desk.

“Hey.” Ngiting kalahating ngiwi ang ibinigay niya dito.

“Hello, Blake.” Hinalikan at niyakap siya ni Charity. “It’s been too long. How are you?”

“Not good.” Mahigpit ang ganting yakap niya sa dalaga.

Kumalas ito sa kanya at pinasadahan siya ng tingin, “Like I said, what happened to you?”

“Hindi ba p’wedeng patuluyin mo muna ako sa iyong five-star hotel bago ako magkuwento, Miss Operations Manager?”

“But—”

“Not here, Charity,” putol niya sa pag-aalala nito.

Saglit itong nakipagtagisan ng titigan sa kanya. “Fine. Have it your way,” nakataas ang mga kamay na pagsuko nito. Pumormal ang mukha nito nang

balingan ang receptionist at mag-inquire ukol sa isang suite.

Tinalikuran na ito ni Charity. “Come,” hila nito sa kanya, “bago pa maduling ang empleyada ko sa kakatitig sa ’yo.”

“You make it sound like it’s my fault.”

“It is. It should be a crime to look as good as you do.” Ipinasok siya ni Charity sa isang gilded-elevator sa ilalim ng grand staircase.

Napangiwi siya nang humakbang sa loob. Di yata’t nalamog ang—

“Maybe we ought to check, er... whatever’s causing you pain. Merong resident doctor ang hotel,” ani Charity na nakatingin sa repleksyon niya sa ginintuang pinto ng elevator.

“Hindi na kailangan. All I need is a cold compress.”

Tumaas ang kilay ng babae, may ideya na kung ano ang masakit sa kanya. “Ah, here we are. Dito muna tayo sa opisina ko magkuwentuhan habang hinahanda pa ang suite mo.”

“Umupo ka muna,” muwestra ni Charity sa parlour ng opisina nitong sinlaki ng pangkaraniwang simbahan. “What can I get you?”

“Something strong. Brandy, kung meron.” Naupo siya sa matabang sofa. “At saka cold—”

“Compress. I know. Sandali.”

Gayon na lang ang hagalpak ng tawa si Charity nang ikinuwento niya rito kung paano niya natamo ang kanyang ‘injury’.

“Ikinatutuwa mo bang nasaktan ako?” bugnot niyang usig dito.

Humihingal itong tumigil. “Yes. ’Buti nga sa ’yo! Sigurado ka bang ayaw mong patingnan sa doktor iyang... pinsala mo,” seryosong tanong nito kapagkuwan. “Baka naman hindi na pumutok ’yang... *baril* mo. Or if it still can, you could be shooting blanks from now on.” Muli itong bumunghalit ng tawa.

Napipikong inisang lagok niya ang laman ng kanyang kopita. “I’ll have her pretty little neck for this.”

“Aba! Sino ba kasi’ng unang nambastos kanino?” saway sa kanya ni Charity. “Ano naman kasi’ng pumasok na kademonyohan sa utak mo’t nagawa mo iyon? I’ve always known you could be a beast when it comes to sex and women, but never perverted.”

Hindi siya kumibo. Days ago, he could never do what he did to the girl who was as weak as a newborn kitten, and couldn't even climb a boat. Hindi niya sinadya, hindi niya binalak, at higit sa lahat, inosente ang ginawa niyang pagtulong sa pagkadulas nito. Ngunit nang madama niya ang lambot ng katawan nito; nang manuot sa ilong niya ang mala-hardin nitong samyo... he was intoxicated.

And then she turned and looked at him as though she had never seen a man before, habang siya ay hindi malaman kung saan unang titingnan ang perpekto nitong kagandahan. Ngunit bago pa man niya mabusog ang mga mata sa ganda nito, napansin na nito kung saan niya ito nahawakan—which in turn triggered his own awareness.

Nang tangkain nitong makawala sa pagkakakulong sa bisig niya, bibitiwan na talaga niya ito. But the fullness of her breast fitting so perfectly in his palm, created a temptation that was just *too* great for him to resist. She was both firm and soft under his touch; hindi maliit ngunit hindi rin naman kalakihan. Tama lang upang magkasya sa palad niya. Dapat tumigil na siya roon.

Ngunit imbis na umiwas, rumesponde ang katawan ng babae. How in hell could he stop after

such a sweet response?

Marahas siyang napabuga ng hangin nang maalala ang naging kahinaan. Yes, he was a man of healthy libido. But never had his will been so brittle in the face of temptation. Until today.

Naalala niya ang mabangis na mukha ng dalaga. Wala siyang dudang tutuhurin siya nito ulit, kapag nakita siya nitong muli. At malamang sa hindi, kalmot at sampal ang abutin niya kapag sinubukan niyang humingi rito ng dispensa. He was, after all, right to call her kitten. She definitely had the claws and the disposition.

Ang totoo ay inasahan na niyang tutuhurin siya nito. What he didn't expect was taking entirely too much pleasure from skimming half-an-inch of her skin with his tongue. The pleasure was so great, he had completely forgotten to defend himself.

“I would bet all my body hair that you didn't even bother apologizing to the poor girl,” untag ni Charity na nakahalukipkip habang nakatingin sa kanya. “Same old, Blake.” Iiling-iling na pumalatak ito nang hindi siya sumagot. “London hasn't changed you one bit.”

“Hihingi ako ng dispensa sa kanya, Charity.”

“Oh, really? Kung totoo ’yan, ’di sana ginawa mo na,” diskumpiyadong turan nito. “Hindi iyong hinintay mo pang magkahiwalay kayo pagdating dito sa isla. Pa’no kung hindi mo na siya ulit makita, what then? Kakalimutan mo na lang ang nangyari... just like everything else,” magkahalong hamon at panunumbat nito.

“Talagang bang iyan ang paniniwala mo? Sa palagay mo ba’y babalik pa ako sa islang ito para tuparin ang pananagutan ko sa iyo, if that were the case? We were years and oceans apart, Charity. Forgetting you and my promises to you would’ve been so easy.”

Nagi-guilty na kumibot-kibot ang nguso nito.

“I never forget, Cha-cha. Hindi sa mga pangako ko at lalong hindi sa mga kasalanan ko. Besides, kaya ko ipinagpaliban ang paghingi ng dispensa sa inasal ko,” balik niya sa topic nila, “dahil magkikita pa naman kami ng babaeng iyon.”

“You sound arrogantly certain.”

“I am. Maliit lang ang mundo, Bienna is even smaller. Natitiyak kong magkukrus pa ang landas namin ni Kathrina Patriarca.”

Napaawang ang bibig ni Charity. “Ang ibig mong

sabihin...?”

Tumango siya. Lalong itong napanganga. Nang makahuma, napapailing na hinilot nito ang sintido. “Please, tell me you didn’t know who she was when you treated yourself to a cup-a-feel...” Nagmulat ito at hindi-makapaniwalang napasinghap nang makita ang pilyong ngiting sumilay sa kanyang mga labi. “You... you... heartless demon! Pagkatapos ng nakatakda mong gawin sa kanya? You just had to add insult to injury, don’t you?”

Nabura ang ngiti niya sa akusasyon, suddenly feeling like the biggest ass. “Cha-cha—”

“Don’t you Cha-cha me, Mr. Blake Saavedra!” napatayong singhal nito. “Wala ka talagang ipinagbago! Ano’ng tingin mo sa ’ming mga babae? Manyika? Okay lang paglaruan dahil wala namang nararamdaman?” Pinaulanan siya nito ng bayo.

Hinuli niya ang nagwawalang kamay ni Charity saka ito hinila palapit sa kanya. Bumagsak ang dalaga sa kanyang kandungan. “Listen to me... Hindi ko intensyong bastusin si Kathrina. Ikaw na ang may sabi, I may be a lot of things but I’m not a pervert.”

“Hindi nga ba, baka naman nagkamali lang ako ng sapantaha?”

“I am however, very much a man. Natutukso,” he went on, ignoring what she said. “And for once, hindi ako nakatanggi. Kathrina Patriarca’s allure was very... irresistible.”

“Gan’on?” Charity sneered, her eyebrow reaching new heights. “Sabagay,” she conceded after a moment’s thought, “nakita ko na siya minsan sa isang political rally ng papa niya. Maganda siya. Very classy. Sexy without being flaunty. Pero mukhang suplada.”

It was Blake’s turn to raise his eyebrow. “Hmm... do I detect a hint of insecurity? Or possibly jealousy?”

“Excuse me!” ismid ni Charity. “Ba’t naman ako magseselos? Gayong sigurado akong kahit ang diyosa ng kagandaha’y hinding-hindi mapapalitan ang lugar ko sa puso mo.”

Isang masuyong ngiti ang gumuhit sa mga labi ni Blake kasabay ng paghaplos niya sa pisngi nito, “That’s right, Popcorn...”

“Stop calling me that!” nahindik nitong saway.

Lumapad ang ngiti niya. “I’ve missed you.”

“Oh, you have? Kaya pala sa pananabik mong makita ako, nagawa mo pang manantsing ng isang walang kalaban-labang babae?”

“Walang laban? Baka nakakalimutan mong tinuhod niya ako.”

“Na bagay lang sa ’yo. Kulang pa nga kung tutuusin. Considering you are about to—”

“Hindi ko intensyong gawin ang ginawa ko sa kanya kanina, Charity,” seryosong putol niya rito. “And believe me, if there are other property I could acquire on this island, hinding-hindi ko pag-iinteresang ang *Vista Verde*. Ayokong gawin ito sa kanya, o sa kahit na sino, for that matter. But I will have what’s mine. Kahit kapinggot na lang niyon.” Walang kurap na nakatitig siya sa mga mata ng kaharap, affection and tenderness welled inside his heart. Wala siyang hindi gagawin para kay Charity... para sa ikaliligaya nito. Kesehadong managasa at manira siya nang usapan ng may usapan.

“Let it go, Blake,” malungkot nitong pakiusap. “Isla Bienna is no longer your birth right. Panahon na para tanggapin mo ang katotohanang iyon. Let’s just... start living our lives with—”

“No,” pinal niyang putol dito.

Matagal siyang tinitigan ni Charity, her eyes soft with sadness, while his were hard and cold with betrayal.

“I missed you.” Inabot nito amh kanyang pisngi.
“I —”

“Miss Charity, may guest pong nagwawala sa lobby, ayaw pumayag ilagay sa kennel ang alagang mastiff. Ano po’ng gagaw—?”

Blake turned toward the door just in time to see the bellboy’s mouth drop to the floor at the sight of his manager sitting across a man’s lap and stroking that man’s jaw. Nabitin pa ang isang paa nito sa paghakbang papasok sa loob ng opisina.

“W-wala po akong nakita!” anito nang makahuma sabay pikit ng mga mata. “Pasensya na po sa istorbo.” Nagmamadali itong tumalilis na para bang ang nasaksihan ay isang eksena ng krimen.

3

Madaling-araw nang magising siya sa sunud-sunod na tilaok ng manok. Sinubukan niyang matulog muli upang makabawi sa pagod nang maghaponng biyahe kahapon, subalit nambubulabog sa kanyang diwa ang isang guwapong mukha. Na agad sinusundan ng alaala ng mga ginawa nito sa kanya sa dalampasigan ng Sta. Ana.

So instead of roasting in the spit of irritation, indignation and a delicious ‘*something*’ she couldn’t name, minabuti niyang bumangon na lang upang panoorin ang pagsikat ng araw sa dalampasigan, kagaya ng nakagawian niya noong una niyang bakasyon sa isla.

Nagtagumpay naman siyang pansamantalang iwaglit ang mga gumagambala sa kanya. Napalitan iyon ng pagkamangha sa kagandahan ng papasikat na araw sa ibabaw ng malawak na karagatan.

Nasa dalampasigan pa rin siya nang magsibalikan ang mga bangkang pangisda ng *Vista Verde*. Nanatili siya roon hanggang sa natapos timbangin ng mga mangingisda ang huli ng nakaraang magdamag, nakamasid at nag-oobserba. She might as well

start learning the ropes of the trade, dahil oras na lang ang bibilangin at siya na ang magpapatakbo't mamamahala sa ikinabubuhay ng *Vista Verde* at ng mga tauhan nito.

The thought brought a thrill to her heart. Ngunit agad iyong nahaluan ng lambong nang maalala niya ang ama. Una pa lang ay tutol na ito sa mga plano niya. Hindi naman niya kailangang magpakapagod pa sa pagpapatakbo ng *Vista Verde* dahil siya ang nag-iisang tagapagmana ng *Patriarca Azucarera and Food Industries*—ang kompanyang itinatag ng mga ninuno nito at ngayon ay pinamamahalaan ng nakababata nitong kapatid na si Tita Amor.

Dahil walang sariling pamilya ang kanyang tiya, siya na rin ang magiging tagapagmana ng kalahating parte nito sa kompanya—making her the sole heir to their family's multi-national company, bukod pa sa ibang ari-arian ng mga Patriarca sa Negros.

Nakahiga na siya sa pera hanggang kamatayan niya. Ngunit hindi iyon ang rason sa pagtutol ng papa niya. Ang tinututulan nito ay ang pagkakalayo nila, na ayaw rin naman niya. Hindi rin niya gustong manatiling pangarap na lang ang kanyang mga plano. If she would have to sacrifice traveling hundreds of miles just so she could have both, then so be it.

Ilang beses niyang nilibot ang kabuuan ng dalampasigang nasasakupan ng *Vista Verde*, trying to familiarize herself with the surroundings. Tirik na ang sikat ng araw nang magdesisyon siyang bumalik sa bahay.

Sinalubong siya ng isang katiwala papasok pa lang siya ng bakuran. Umano, kanina pa siya hinihintay ni Lolo Poncio. Nagmamadaling tinungo niya ang library.

“Pasensya na po kung pinaghintay ko kayo,” bungad niya nang makapasok sa silid. “Akala ko po kasi’y mamaya pa—Lolo, what’s wrong?” Nag-aalalang napalapit siya sa matanda nang makita ito. “Are you feeling ill?”

“I’m—I’m not feeling very well but... I’m not ill.” Tila nanghihinang ngiti nito sa kanya. “Maupo ka, Kathrina.”

Tumalima siya. “Sigurado ho ba kayo? You look drawn and pale and—”

“I know how I must look... considering what I’m about to do.”

Napatuwid siya sa kinauupuan. “What do you mean, Lolo?”

The old man sighed heavily, looking a decade older than his eighty-eight years. “There’s no way to break this gently, kaya dederechahin na kita... I can no longer sell you *Vista Verde*.”

Para siyang tinadyakan sa dibdib sa narinig. “H-ho? Teka, tama ba ang—h-hindi ako sigurado kung... anong...?” She tried to be coherent. Pero masyado siyang nayanig sa narinig.

“Patawarin mo ako, Hija. Ayokong gawin sa iyo ito.”

“Pero... papaano po itong *Vista Verde*? Baka ilitin ng...” Tigil niya nang umiling ang matanda. “Kung gan’on, nakahanap na po ba ng ibang paraan sina Tito Armando para tubusin ang titulo nang hindi ibinebenta ang *Vista Verde*?”

Kung ganoon ang kaso, magiging madali para sa kanyang tanggapin ang pagkabigo ng mga pangarap niya. Matutuwa pa nga siya para sa pamilya...

“I’m sorry... alam kong hindi sapat ang—”

“Ibig sabihin ibinibigay n’yo sa iba ang—ang—?” Hindi niya maituloy ang sasabihin. “Pero may usapan ho tayo!” napatayong bulalas niya, naghihimagsik ang kalooban. “Handa na ho ang kontrata. Nakaantabay na po ang aking abogado para mailipat sa inyo ang

kabayaran nitong *Vista Verde*. Buo na ho ang mga plano ko. Nagmamakaawa ho ako. *Vista Verde* is the heart of my dreams.”

Tumayo ang matanda at sinubukan siyang abutin; nagpapaunawa ang mga mata. “Alam ko, Hija. Maniwala ka, ayokong gawin—”

“Ginawa n’yo na ho,” puno ng tampo aniya.

Bumagsak ang mga balikat ng lalaki. “I’m so sorry, Kathrina. Kung hindi lang ako sinisingil ng isang binitiwang pangako at utang-na-loob.” Nakonsyensya siya. Compassion quickly subdued her outrage. “Matatanggap ko ang galit mo. Pero sana ay hanggang sa akin na lang iyon. Hindi ako mapapatawad ng aking mga apo kapag naputol ang pagkakaibigan ninyo dahil dito.”

“Lolo, hindi ho. N-nabigla lang ho ako kaya...” Humugot siya ng malalim na hininga. “Kung maipapaliwanag ho ninyo nang mabuti ang nangyari, handa ho akong umunawa.”

Bahagyang nabuhayan ng loob ang matanda. “Salamat, Hija.”

“Isla Bienna belonged to an ancient Spanish family,” simula nito matapos nilang maupong muli. “Ang aking ama, sampu ng mga ninuno niya’y matapat

na tagapaglingkod ng mga Saavedra sa loob ng dimabilang na henerasyon. Like them, I was born into slavery.

“Kasabay kong ipinanganak ang nag-iisang tagapagmana ng mga Saavedra na si Manuelito. Sa ilalim ng isang bubong, sabay kaming lumaki ni Manuel. Ours went beyond the bond of slave and master. Para na kaming magkapatid at pareho kami ng gusto sa halos lahat ng bagay, kasali na roon ang pagnanais naming maglingkod sa bayan noong kasagsagan ng Digmaang Pandaigdig.

“To make the long story short, salitan naming sinagip ang buhay ng isa’t isa sa loob ng apat na taong pakikipaglaban namin kasama ang hukbong sandatahan ng Amerika laban sa mga Hapon.

When the war was over, bumalik kami rito sa isla; balik sa pagiging amo’t alila. But it didn’t sit well with Manuel. Aniya’y hindi na niya ako kayang tratuhing *muchacho*. He freed me from the bondage of slavery as old as the *conquistadores* and then gave me a piece of Isla Bienna—ang *Vista Verde*. Bilang kapalit sa lahat ng kagandahang-loob na iyon, ipinangako ko sa kanyang wala akong tatanggihan sa kahit na anumang hilingin niya sa akin.”

“At ngayo’y naniningil na siya ng pautang?”

Madilim ang anyong konklusyon niya, thinking very little of the man who forced his friend to betray his word, in payment for a debt-of-gratitude.

“No, Hija. Hindi mo naiintindihan. Matagal nang patay si Manuel, God rest his soul.”

“Kung gan'on—”

“It's his grandson who wants to re-acquire a piece of Isla.”

“After they sold the rest of it to foreign capitalists?” she asked, incredulous. “Kasalanan nila kung bakit nawala sa kanila ang isla. ”Tapos ngayon, kayo ang sisingilin. Kukunin sa inyo ang *Vista*—”

“Hindi niya kukunin. He's buying it back.”

“For half the price, I'm sure.” She sneered, unimpressed.

Kahit pa sabihing hindi basta na lang babawiin ng apo na iyon ang lupang ibinigay ng abuelo nito kay Lolo Poncio, she thought no better of the man. Why should she?

“He had already used and abused the fact that you would not turn him down, dahil sa pangakong binitiwang ninyo sa lolo niya. Ano ba naman iyong tapyasan na rin niya ang ibabayad sa inyo? Sigurado

namang hindi kayo tatanggi. Ang kapal ng mukha niyang singilin kayo gayong hindi naman siya ang pinagkakautangan ninyo!”

“Kathrina, Hija—”

Bigla siyang napatayo. “You know what, Lolo, I’m gonna give that cur a piece of my mind. Alam n’yo po ba kung nasaan siya?”

Ibinuka ni Lolo Poncio ang bibig ngunit wala itong masabi. Isinara nito iyon na tila wala nang balak magsalitang muli. When he finally managed to speak, his voice was weak. “He’s—”

“Right here,” agaw ng isang malagom na tinig.

Mula sa nakabukas na sliding door patungong verandah ng library, pumasok ang isang malaking lalaki. He was so tall his head almost touched the lintel, the breadth of his shoulders almost filling the door. He was infinitely more handsome in broad daylight: may mga mata itong kakulay ng malabnaw na kayumanggi, mga pangang nililok sa bloke ng bato, mapupulang mga labi at manipis ang matangos na ilong. Pero taliwas sa natural na kulay ng mga ninuno nito, kakulay ng tutong na tinapay ang balat ng lalaki.

But it wasn’t the man’s godly features that

Body, Heart And Soul - Arianne Cole

dropped her jaws. It was the man himself—ang talipandas na nang-harass sa kanya!